


***Buong Teksto***

## BUKING SI SANTA!

### Isang Kuwentong Pampasko

Ang kuwento natin ngayon, "Buking si Santa!", halaw sa The Night Before Christmas ni Clement Clarke Moore at mula sa librong, *12 Kuwnetong Pamasko* na inilathala ng Tahanan Books, isinulat ni Rene O. Villanueva atbabasahin para sa atin ni Guelan Valera Luarca.

Bisperas ng Pasko, nasasabik lahat

Sa pagdating niyang santaong hinintay.

Ang dasal ng lahat at lagi nang asam:

Ang makita siya kahit minsan lamang.

O, anong tahimik nitong kabahayan;

Ni ipis o bubwit, walang nag-iingay.

Medyas na maluwang pawang nag-aabang

Sa mga regalong kanyang ibibigay.

Nakatulugan na ng lahat ng bata

Ang pagbabantay sa halakhak niya't yabag.

Panaginip nila'y yema at pastilyas,

Silindro, manika, o kotse-kotsehan.

Nakikiramdam din ang diwa kong puyat

Habang Yakap-yakap mahal kong si Nanay.

Di kaginsa-ginsa, may naulinigan

Sa labas ng bahay, may nagkalampagan.

Nag-aantok akong nagbangon kaagad.

Sa bintanang kapis, pilit inaninag.

Antok ko ay biglang nabu'san ng tubig.

Sa natuklasan ko, ako ay kinilig:

Isang mamang botyok na kay pula-pula,

Bundok ng regalo' y hila ng kareta!

Ako ay muntik nang tumalbog sa tuwa

Nang marinig ko ang sipol niyang mahaba:

Oy Dancer! Oy Donder! Tena, Prancer, Vixen!

Arya, Comet! Cupid! Bilis, Donder, Blitzen!"

At ang walong usang ngiti'y malalapad

Sumirko sa hangin, sa ere sumibad.

Lamig ng Disyembre ay lalong tumindi

nang aking matanto: ako lang ang saksi!

Sila'y umilandang doon sa bubungan

At saka lumapag marahang-marahan.

Ang balak ko sana'y bumaba't lumabas

Upang usyusohin tagpong nagaganap.

Napahinto ako, di na nakahakbang

Mula sa likuran ay naulinigan:

Mahinang takatak, sipuning singasings

Masinsing kuliling sa saliw ng hangin.

Nang lumingon ako, lalong napanganga-

Biloy ng pisngi niya'y makopang mapula.

Tiyan ay umaalog na parang ginatan.

Ang mahabang balbas, ubang kumakaway.

Kinindatan ako, parang sinasabing

"May iingatan kang mahalagang lihim!

Saka nagpatuloy sa paglakad-imbay

At lahat ng medyas, namuwalang lahat!

Pakaway-kaway pa nang siya'y lumisan.

Matamis na ngiti'ysanghiwa ng pakwan!

Ang balak ko sana, si Santa'y sugurin,

Sa yakap at halik siya ay pupupugin.

Ngunit-kisapmatal-umalis siya agad..

At pagtingala ko ang tanging naiwan

Masayang pagkaway sa liwanag ng buwan.

At umalingawngaw mahabang "Ho-ho-ho"

Kasabay ng bati: "Maligayang Pasko!'

***

Pinagkuhanan: Rene O. Villanueva, *A Child's Treasury of Philippine Christmas Stories*. Ilaw ng Tahanan Publishing Inc.

Kung nais mong makakuha ng copya ng istoryang ito, maaring umorder sa www.tahananbooks.ph.

Hanggang sa susunod na istorya!

## Current Stories in the Series

*In English*

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Neck
Why Cocks have Combs on their Head

*In Filipino*

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag

*Christmas Stories:*

The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istatriray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

*Stay tuned for the other stories in this podcast series!*

## *ACKNOWLEDGEMENTS*

### Areté

| | |
|---|---|
| Ma. Mercedes Rodrigo<br>Ricardo Abad | *Executive Producers* |
| D Cortezano | *Producer* |
| John Robert Yam | *Overall Sound Designer* |
| Harold André Santos | *Theme Music Composer* |
| Jose Antonio P. Salvador | *Musical Scorer and Instrumentalist* |

| | |
|---|---|
| John Robert Yam | *Episode Sound Designer* |
| John Robert Yam<br>Nilo Beriarmente | *Sound Engineers* |
| Ivy Baggao | *Talent Coordinator and Production Associate* |
| Jethro Nibaten<br>Rey Sotto<br>Duane Ligot<br>Ralph Joseph Adarlo<br>Carlos Hombrebueno<br>Adriane Ungriano | *Sound Design and Technical Team* |
| Arielle Acosta<br>Vannessa Reventar | *Logistical Support* |
| Ross Du | *Illustrator* |
| Arielle Acosta<br>Lazir Caluya | *Brand Developers* |
| Dreamlist Digital | *Web developers* |
| Miguel Antonio Alfredo V. Luarca | *Lecturer, Department of Fine Arts (voice actor for the episode)* |

## Ateneo de Manila Basic Education

### Ateneo Grade School

| | |
|---|---|
| Fr. Emerito Salustiano R. de la Rama, SJ. | *Headmaster* |
| Pacita E. Hosaka | *Assistant Headmaster for Academic Affairs* |

### Ateneo Junior High School

| | |
|---|---|
| Jose Antonio P. Salvador | *Principal* |
| Genalyn S. Sanvictores | *Assistant Principal for Academic Affairs* |
| Paolo Ven B. Paculan | *Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino* |

Kristine Ann P. Valdellon *Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

## Ateneo Senior High School

Ma. Victoria P. Dimalanta *Principal*

Luis Allan B. Melosantos *Assistant Principal for Academic Affairs*